# ADAPTIVE LEARNERS SA PANAHON NG PANDEMYA

*by:*
**Jennifer B. Sabino**
*Teacher III, Old San Jose Elementary School*

Tinuturing ngayong mga 21st Century Adaptive Learners ang mga kabataan ngayon dahil sa pagkakadepende nila sa teknolohiya at paggamit ng kanilang adaptive abilities upang makasabay sa nararanasan nating pandemya. Noong Agosto 14, 2020, ipinahayag ng Kagawaran ng Edukasyon o DepEd ang pagbabago ng petsa ng araw ng pagbubukas ng klase mula sa Agosto 24 patungong Oktubre 5.

Ang pagbibigay konsiderasyon sa mga lugar na noon ay nakapaloob sa Moderate Enhanced Community Quarantine (MECQ) bunsod ng COVID-19 pandemic. Ayon sa Kalihm ng departamento ay punuan ang puwang sa pagbubukas ng klase na siya namang inaaksyunan ng nabanggit na kagawaran ayon kay Kalihim Leonor Briones.

depedbataan.com The Official Website of DepED Division of Bataan

Sa kinakaharap nating krisis na dulot ng COVID-19, inihayag ng Department of Education (DepEd) ang kanilang plano sa pagsusulong ng klase sa pamamagitan ng blended learning na binubuo ng online learning kasabay ng paggawa at pamamahagi ng mga modyul o CAPSLET (Capsulized Self-Learning Empowerment Toolkit). Isang patunay na kailangan pa ring maibigay ang karapatan ng mga kabataan sa libreng edukasyon sa kabila kinakaharap nating hamon dulot pandemya. Kasabay nito ang mga hamon na siyang dinadanas sa mga pampublikong paaralan ng mga guro at namamahala nito.

Kahit sabihing bumababa na ang rate risk dulot ng COVID19 sa bansa, panibagong hamon ang kahaharapin ng mga kaguruan, mga magulang, at lalo na ng mga Pilipinong mag-aaral. Hindi lamang sa pinansiyal, kagamitan, sistema ng pagkatuto kundi ang

mentalidad ng mga kabataan at kahandaan nila sa pagkatuto sa gitna ng new normal nap ag-aaral.

Mula sa datos ng DepEd (Setyembre 25, 2020), mayroong 24.63 milyong bata ang nakarehistro ngayong taon – 22.44 milyon sa pampublikong paaralan samantalang 2.136 milyon naman sa pribadong paaralan.

Hindi na maaaring gamitin ng 100% ang paraan at Sistema ng pagtuturo sa mga bata bago maganap ang pandemya. Sa "New normal" na sitwasyon, kinakailangang makagawa agad ang kagawaran ng pangmatagalang paraan upang mayorya ng kabataan ay magkaroon ng access sa pag-aaral.

Sa ngayon, patuloy ang pagsasagawa ng mga pampublikong paaralan sa pagharap sa nalalapit na pasukan sa pamamagitan ng pag implementa ng mga online webinars, workshops, at trainings lalo na sa mga pagsasagawa ng Learning Delivery Modalities tulad ng Distance Learning at Blended Learning.

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan

Para sa mga bata na Modular Learning ang piniling pamamaraan ng pag-aaral, doble ang sikap ng mga guro sa pagsusulat at paglilikha ng mga modyul na siyang gagamitin nila upang makasabay sap ag-aaral, kasabay nito ang kabi-kabila rin ang mga online demo teaching simulation sa mga iba't ibang paaralan sa bansa.

Hindi sapat na rason ang pandemya upang matigil ang mga kabataan na magkaroon ng edukasyon. Ang edukasyon ay tungkulin ng lahat– hindi lamang ng mga mag-aaral, guro, at magulang kundi ng isang komunidad na handang sumuporta at gumabay sa pangarap ng isang batang nag-aasam na makapag-aral.

Palakasin ang kampanya natin para sa mga itinuturing na 21st Century adaptive learners kasabay sa matapang na pagharap natin sa pandemya. At makagawa ng mas matibay na pundasyon para sa pagkatuto sa gitna ng malaking hamon natin sa edukasyon sa panahon ng pandemya.

*References:*

https://teachforthephilippines.com/tuloy-ang-pagkatuto/

https://issuu.com/beaconpublications/docs/sinag_2020_updated/s/11376120

https://pilipinomirror.com/mga-pagsubok-sa-bagong-normal-sa-edukasyon/

depedbataan.com
The Official Website of DepED Division of Bataan